Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Marso 13, 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 092, s. 2023

**ORYENTASYON NG 33 PANSANGAY NA KOORDINEYTOR SA PAGBASA**

Sa mga: Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa DepEd Memorandum No.221, s. 2017, Monitoring and Evaluation of Every Child a Reader Program at Lokalisadong Pansangay na Programa sa Pagbasa,Project BBK-Basa Naang Basa Tungo sa Komprehensiyon,tugon sa HAMON: Bawat Bata Bumabasa,3 Bs,DM 173,s.2019.

2. Kaugnay nito ang Tanggapang Pansangay ay nagtalaga ng Koordineytor sa Pagbasa sa bawat distrito na may malaking gampanin upang matamo ng bawat mag-aaral ang pagkatuto sa pagbasa.Ang mga koordineytor ay magkakaroon ng Harapang Oryentasyon sa ika-15 ng Marso,2023 sa ganap na 1:30 sa Ikatlong Palapag ng Tanggapang Pansangay.

3. Ang layunin ng oryentasyon ay ang sumusunod:

    a. maipropayl ang mga *struggling readers*,

    b. mailahad ang 6 na taong plano para sa mga *struggling readers*,

    c. matukoy ang mga ispisipikong kasanayaan kung saan mahina ang st*ruggling readers at*

    d. mabigyan ng kaukulang interbensiyon ang mga kahinaan ng *struggling readers*,

    e. mapabasa ang lahat ng *struggling readers* bago matapos ang TP 2022-2023 katuwang ang lahat ng Tagamasid Pansangay at Tagamasid Pampurok.

f. makagamit ng teknolohiya sa pagtuturo bilang pangunahing kahingian sa pagkamit ng Edukasyong 4.0. Nangangailangan ito ng integrasyon ng teknolohiya sa kurikulum sa pagpapaunlad ng proseso ng pag-aaral upang mapahusay ang pagtuturo-pagkatuto ng mga guro at batang makabansa.

4. Ang memorandum na ito ay magsisilbing Liham Pahintulot sa Paglalakbay ng mga dadalo sa oryentasyon.

5. Kalakip ng memorandum na ito ang talaan ng mga Koordineytor sa Pagbasa.

6. Ang mga magsisidalo sa gawaing ito ay obligadong magkaroon ng cascading sa kani-kanilang distrito upang makamit ang malawak na kabatiran ng mga kinauukulan; na ang gastusin ay maaaring kunin sa school funds/LSB na sasailalim sa matamang pagtutuos.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**ROWENA T. QUIAMBAO, CESE**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunuparang Tagapamanihala
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

CID/JOD-Division Memo-Modernong Guro, Kaagapay Ko-Oryentasyon
0005/March 13, 2023